

PROLOGUE

One month ago...

Masaya ang atmosphere sa waiting area sa tabi ng delivery room ng *The Medical City*. Kababalita lang ng isang nurse sa mga Legaspi na naipanganak na ang unang apo ng kanilang pamilya at hinihintay nilang payagan silang makita ang sanggol. Excited silang lahat habang naghihintay sa pagdating ni Gareth.

Oo nga't hindi tunay na anak ng kapatid ni Dr. Samuel Legaspi ang bata, pero sa mata ng pamilya nila, hindi na iba ang sanggol. Inako na ni Gareth ang mag-ina, at tama na iyon para i-consider nilang kadugo si Eleanor at si Baby Emerson.

Nagkuwento ang kanilang mommy tungkol sa kung paano ito naglihi sa kanilang apat na magkakapatid, at nagpapasalamat si Sam na lalaki siya. Bilang doctor, alam niya kung ano ang nangyayari sa loob ng delivery room, pero hindi pa rin niya mapigilan ang mapangiwi sa mga kuwento ng kanyang ina.

Naisip niya na balang araw, mag-aasawa rin siya at magkakaanak. Pero nasa distant future pa iyon.

Busy siya sa trabaho niya bilang doctor, at masyado niyang ine-enjoy ang pagiging single.

Napatingin siya sa corridor at napansin niya ang isang lalaki na nakatayo roon. Nagliwanag ang kanyang mukha nang mapagsino ito.

“Larry!” tawag ng kanyang ama. Tumayo ito mula sa kinauupuan sa tabi ni Mrs. Legaspi bago nilapitan ang lalaki. Ito ang best friend ni Henry Legaspi at ang ninong ni Sam. “Ano’ng ginagawa mo dito?”

“May checkup ako,” sagot ni Ninong Larry na tinanggap ang kamay ng kaibigan. Lumapit din ang mommy nila.

“Larry,” bati nito bago ginawaran ng halik sa pisngi ang lalaki. “Kamusta na?”

“Eto, nararamdaman na ang katandaan,” tawa nito. “Kompleto ang pamilya, ah!” puna nito nang makitang nakaupo sina Jordan, Sam at Oliver sa waiting area. Tumayo ang mga batang Legaspi at nagmano. Nang siya na ang lumapit dito, tinapik-tapik nito ang braso ng inaanak. “Kamusta na, hijo?” tanong nito.

“Eto, Ninong, guwapo pa din,” ngisi niya na malakas na ikinatawa ni Larry. Hindi sa pagmamayabang pero siya ang paborito ng matanda

sa kanilang magkakapatid.

“Aba’y siyempre, kanino ka pa ba magmamana?”

“Siyempre sa ’yo!”

Matagal na nilang biruan ang ganoon. Bata pa si Sam, ‘siyempre mana kay Ninong’ na ang madalas niyang sabihin sa matanda. Dahil close na close ito sa kanyang daddy, naging pangalawang ama na niya si Larry.

“Kanino ka nagpa-checkup?” tanong niya.

“Kay Dr. Sevilla,” sagot ng ninong niya. “Wala raw kasing Dr. Legaspi na naka-duty ngayon at balita ko manganganak yata ang girlfriend ni Gareth, tama ba?”

“Opo, ‘Nong.” Iminuwestra niya ang delivery room sa tapat ng waiting area. “Nasa delivery room siya ngayon. Kakapanganak lang ni Eleanor. Lalaki.”

“Aantayin ko na.”

“Ano pala’ng pina-checkup mo?” tanong niya. Hindi rin niya mapigil ang pag-aalala.

Nagkibit-balikat ang matanda. “Routine checkup lang. Alam mo naman kapag tumatanda na, kung anu-ano na ang masakit. Huwag kang mag-alala,

matibay ang ninong mo.”

“Sino kasama mo, ‘Nong?’” aniya kahit pa alam na niya ang isasagot nito.

“Si Sophia.”

Bingo! Si Sophia Castillo, ang anak ni Ninong Larry, ang mortal na kaaway niya mula pa noong mga bata sila at pinukol siya nito ng baby bottle.

Para namang narinig ng babae ang pangalan nito dahil nakita ito ni Sam na papalapit sa kinatatayuan nila. Humalukipki siya at nagtaas ng isang kilay.

Matangkad ito para sa isang babae sa height nitong 5’8”. Maputi, mahaba ang unat na buhok, matangos ang ilong, almond-shaped ang mga mata at mamula-mula ang mga pisngi, pero alam ng binata na dala iyon ng makeup. Mula yata nang tumuntong ito ng labing-apat na taong gulang, hindi na ito lumabas ng bahay nang walang kolorete sa mukha. Mamahalin ang suot nito mula sa blusa nitong *Lacoste* ang tatak hanggang sa high-heeled shoes nitong kailangan yata ng lisensya bago puwedeng isuot. May aviator shades din ito na kasalukuyang nakalagay sa tuktok ng ulo nito na tila headband. Maporma ang babae, materialistic, at spoiled brat. Hindi niya napigilan ang mapang-asar na ngising namutawi sa kanyang

mga labi. Ginantihan lang siya ng tingin ni Sophia bago sinulyapan ang mga taong nasa waiting room.

“Oh, my God! Tito!” masayang bati nito sa daddy niya. Humalik ito sa pisngi nina Mr. at Mrs. Legaspi, bago niyakap si Jordan. “Dan! Ang tagal na nating hindi lumalabas!”

“Oo nga,” sang-ayon ng cardiologist habang nakangiti sa dalaga. Sila kasi ang totoong close kahit pa si Sam ang kinakapatid nito. Paano, hindi ito tinutukso, inaasar o iniinsulto ng binata. Likas na mabait ang kakambal niya. “Busy-busy ka kasi.”

“Ako?” tumatawang tanong nito. “Ikaw kaya ang doktor. Nagkakaroon ka lang ng panahon para sa ’kin kapag may-sakit ako.” Binalingan nito si Oliver. “Hi, Kuya Oliver! Ate Emma!”

Pinanood ni Sam na makipagkuwentuhan at makipagbiruan ang babae sa pamilya niya. Hindi niya mawari kung bakit mabait ito sa kanila gayong bruhilda namang tinutubuan ng pangil ang babae kapag siya na ang kaharap. Nagkibit-balikat siya. It doesn’t matter. In fact, he couldn’t care less.

1

The present...

Pupungas-pungas na lumabas si Sam ng elevator. Nakasukso sa bulsa ng white coat niya ang stethoscope at nakaipit sa kilikili ang isang clipboard. Lampas beinte-kuwato oras na naman ang inilagi niya sa ospital. Minsan talaga magkaiba ang opinyon niya tungkol sa napiling propesyon.

Noong bata siya, ang pangarap lang niya ay maging driver ng ambulansya. Simple lang. Kailangan lang mabilis siyang magmaneho. Pero napalitan iyon nang isang beses na makasakay siya sa ambulansya.

Siya at si Jordan lang ang kasama ng daddy niya noon, at namamasyal sila sa isang department store. Hindi niya na maalala kung bakit hindi nila kasama ang mommy o ang mga kuya niya, pero tandang-tanda pa niya ang mga pangyayari. Six years old siya noon at nakapila sila ng daddy niya sa counter ng *Tropical Hut* nang bigla na lang matumba ang mamang nasa likuran nila. Inatake na pala ito sa puso.

Pinanood niya kung paano iligtas ng daddy niya ang matandang lalaki. Kasama sila ni Jordan sa

ambulansya nang isugod nila ito sa ospital. At kahit nakaupo lang siya sa isang sulok, takot na takot pero excited sa mga kaganapan, naitanim sa utak niya na gusto na rin niyang maging doktor tulad ng kanyang ama.

Pero minsan din, hindi niya maalis sa isip na mas gusto pa rin niya ang maging driver lang ng ambulansya. At least iyon, may dahilan siya para maging kaskasero.

Humikab siya habang tinutungo ang lounge nilang mga doktor. Magsa-shower lang siya pagkatapos ay uuwi na para bumawi ng tulog.

Bahagya siyang napatigil nang makita ang Ninong Larry niya na nakaupo sa isang sofa malapit sa lounge, pero sumilay ang malawak na ngiti sa kanyang mga labi. “Nong!” bati niya.

Ngumiti ang matanda at marahang tumayo. “Sam, I was waiting for you.”

Kaagad siyang nakadama ng pag-aalala. “What’s wrong?” tanong niya nang malapitan ito. Kinuha niya ang kamay ng ninong at nagmano rito bago ito iginiya sa loob ng doctors’ lounge.

Pinaupo niya ang matanda sa sofa bago tinungo ang vendo sa isang sulok ng silid at ikinuha niya ito

ng isang paper cup ng kape.

Kinumusta nito ang kanyang mga magulang, sina Oliver at Emma, at sina Gareth, Eleanor at Emerson. Sinagot niya ang mga katanungan nito habang pinapanood itong marahang umiinom ng kape. Sa kanyang ekspertong doctor's eye, napansin niyang pumayat ito at mukhang tumanda. Para bang nadagdagan ang mga linya nito sa mukha at nawalan ng sigla ang mga mata. Ibinaba ni Ninong Larry ang paper cup sa center table bago siya tiningnan.

“Sam,” simula nitong nakatingin sa kanyang mga mata, “I need your help.”

Nadagdagan ang pag-aalala niya. Magiliw at mapagbiro ang kanyang ninong kung kaya bago rito ang seryosong tono.

“Nong, ano'ng problema?” May-sakit ba ito?

“It's Sophia,” tugon nito at kumunot ang noo niya. Nagpatuloy sa pagsasalita si Ninong Larry, “Alam mo siguro kung ano na'ng problema ko tungkol sa kanya.”

Na spoiled brat itong masama ang ugali? Oo naman. Matagal nang alam ni Sam iyon.

Ibinaba nito ang paper cup na hawak bago

tumayo at nagpalakad-lakad na para bang hindi ito mapakali. “Siguro kasalanan ko dahil I spoiled her. Lahat ng gusto niya, ibinigay ko. Akala ko it was compensation enough para mapunan ko ang pagkukulang na naiwan ng pagkamatay ng kanyang mommy. Mabait ang anak ko, Sam, but she can be hard-headed sometimes.”

Hindi niya itatanggi iyon.

“At isa ito sa mga panahon na iyon.” Binalingan siya nito. “Her best friend passed away last week.”

“Oh,” sabi ng binata. Hindi niya alam kung bakit sinasabi sa kanya ni Ninong Larry iyon pero naiisip niyang naging mahirap, kahit paano, para kay Sophia ang pagkawala ng best friend nito. “I’m sorry to hear that. Ano po’ng ikinamatay?”

“Drug overdose.”

Nagulat siya. “You mean...”

Umiling ito bago muling naupo at kinuha ang paper cup ng kape. “I don’t know kung gumagamit si Sophia ng drugs. I refuse to believe that she does but she won’t talk to me. Nagagalit siya kapag tinatanong ko sa kanya ang tungkol sa pagkamatay ni Marielle o kahit sa anong uri ng droga. Naging moody siya at masekreto.

“Sobrang nag-aalala na ako at hindi ko na alam kung sino ang lalapitan. Sam, I need to know what’s happening to my daughter at ikaw lang ang mapagkakatiwalaan ko tungkol sa bagay na ito.”

Concerned naman siya. Nag-aalala rin siya tungkol kay Sophia, pero tulad ng pag-aalala niya sa mga estrangherong may ganoong problema na napapanood niya sa TV. Subalit hindi niya maintindihan kung bakit sa kanya lumalapit ang kanyang ninong ukol doon.

Kung hindi nito makausap ang anak, sa tingin ba nito mag-o-open ang dalaga sa kanya? Sa kanya pa!

“Ninong, nag-aalala rin ako pero I don’t think ako ang tamang taong puwede mong lapitan tungkol dito. Hindi naman kami close ni Sophia.”

Huminga nang malalim ang ninong niya. “Alam ko pero hindi ako puwedeng lumapit sa ibang tao. Alam mo ang posisyon namin sa sociedad.”

Prominenteng pamilya ang mga Castillo. Sila ang may-ari ng *Castillo Shipping* na isa sa pinakamalalaking shipping companies sa bansa. Naiintindihan ni Sam kung bakit ayaw ni Ninong Larry na lumabas pa ang problema nito tungkol sa unica hija. Na-i-imagine na niyang pinagpipiyestahan ng media ang dalaga dahil

sa pagkamatay ng matalik nitong kaibigan lalo na't droga ang ikinamatay nito.

“I don't want to add fuel to the fire. Kanina lang may nabasa na ako sa diyaryo tungkol sa kanya. Tama na 'yung pulis at PDEA na lang ang mag-isip sa kanya ng masama dahil trabaho naman nila ang pag-iimbestiga roon.” Isinuklay nito ang mga daliri sa buhok. “Sam, please. Gusto kong ligawan mo siya.”

Napakurap ang doktor. Buti na lang at hindi siya umiinom dahil nabugahan na sana niya ng kape ang ninong.

“Po?” gulat na gulat niyang sambit. Gusto niya tuloy tanungin kung ito ba ang naka-drugs.

“I want you to watch over her. Magugulat naman ang anak ko kung bigla ka na lang susulpot sa buhay niya nang walang dahilan. If you're courting her, at least, may excuse kang gusto mo siyang laging kasama.”

“Ninong naman!” angal niya. “Alam mo 'yung history namin ni Sophia. Hindi siya maniniwala na gusto ko siyang ligawan. Mas gusto ko pang maging bakla kaysa—”

“Samuel.” Natahimik siya. Kapag 'Samuel' na kasi ang tawag sa kanya ng matanda, o ng kahit na

sino, alam niyang seryoso na ito. Kinurot ang puso niya. And, shet, alam niyang kaunti na lang, papayag na siya.

“Sam, I’m asking you... no, I’m begging you, to help me take care of my daughter.”

Napapikit siya. “I can take care of her, ‘Nong, pero bakit naman kailangan ko pa siyang ligawan? Saka bakit ako? Mas close si Sophia kay Jordan. Ba’t di na lang sila?”

“You’re the only one I trust.”

Anak ng tinapa! Emotional blackmail na iyon, ah. Mahina pa naman si Sam sa mga ganoong tira, lalo na’t galing sa mga taong mahal niya.

“Sa tingin mo ba hindi ako babastedin ni Sophia?” tanong niya. Ang hirap yata na manliligaw siya sa babaeng hindi niya gusto para lang mabasted. Ang sakit niyon sa pride, huh!

Ngumiti si Ninong Larry. “May tiwala ako sa ‘yo, Sam. Bakit, sa tingin mo ba hindi mo siya mapapasagot?”

Nagngalit ang kanyang mga ngipin. Ni minsan hindi niya pinagdudahan ang sarili pagdating sa babae. Napasagot niya lahat ng niligawan niya mula

noong una siyang nagka-girlfriend sa edad na doce. Hindi na niya kailangang manligaw dahil babae ang lumalapit sa kanya at nagkakandarapa ang mga ito makuha lamang ang atensyon niya.

Pero iba si Sophia. Kailangan niyang maging convincing para lang mapaniwalang sinsero siya sa panliligaw rito. Kailangan niyang hindi matawa kapag sinasabing gusto niya ang dalaga.

Itinaas niya ang paper cup ng kape at sumimsim.

I like you, Sophia, isip niya bago halos lumabas sa ilong niya ang kapeng ininom. Tumatawang ibinaba niya ang paper cup. “Nong, hindi ko yata kaya.”

Umirap ang matanda. “Bakit?” tanong nito. “Ano ba’ng hindi mo gusto sa anak ko, Samuel?”

Hirap siyang lumunok. “Sorry, ‘Nong, sorry,” sagot niya. “Wala naman po. ‘Yun lang, hindi yata talaga puwede. Hindi ko yata kaya.”

“Sandali lang ’yon, Sam,” pamimilit nito. “I just want you to make sure that she’s not using drugs and that she’s going to be okay. Halos pareho kayo ng mga kaibigan at madalas kayong nasa iisang lugar. Ikaw lang ang puwedeng magmanman sa kanya nang ganoon dahil magtataka naman siya kung si Jordan ang nagpupunta sa bar. Alam mong hindi mahilig sa

gan'on ang kapatid mo.

“Isa pa, gaano katagal lang ba bago mo masiguro iyon? Until that time lang. Saka ka na magpabasted kapag sigurado na tayong hindi mangyayari sa kanya ang nangyari kay Marielle,” litanya nito.

Muli siyang napangiwi. Mukhang kailangan talaga niyang magpabasted sa kauna-unahang pagkakataon. Hay, buhay... parang life!

“Okay, I’ll do it,” buntong-hininga niya. “Para sa ‘yo, Ninong.”

Kitang-kita niya ang pag-aliwalas ng mukha ni Larry. “Salamat,” sabi nito. “Thank you, Sam.”

Ipinarada ni Sophia ang kanyang *BMW* sa garahe at hinila mula sa backseat ang plastic at paper bags ng mga bagong damit at sapatos na pinamili niya. Kinuha rin niya sa katabing upuan ang kahon ng donuts galing *Krispy Kreme* na binili niyang pasalubong para sa kanyang daddy. Pero bago siya bumaba ng sasakyan, she popped a piece of *TicTac* into her mouth para masigurong hindi maaamoy ng ama na nagyosi siya.

Kay Larry Castillo, forever little princess si Sophia

at ayaw niyang sirain dito ang image niyang iyon. Ang kanyang ama ang pinakaimportanteng tao sa buhay niya. It was them against the world mula pa noong mamatay ang kanyang mama nang ipanganak nito ang stillborn niyang baby brother. Aminado siyang spoiled siya, and she could be a brat. And sometimes, she couldn't help it.

Nag-iba lang ang pananaw niya nang mamatay si Marielle. Best friends sila ng babae mula pa nang naging magkklase sila noong grade one sa exclusive school na kanilang pinasukan.

Mabait ito na halos exact opposite niya. Mayaman si Sophia at galing sa lower middle class family naman si Marielle. Maingay at daldalera siya samantalang tahimik ang kaibigan. Kaagad silang naging magkasundo nang maging partners sila sa isang art activity. Dahil hindi gaanong mayaman ang pamilya ni Marielle, naging tampulan ito ng tukso at naging tagapagtanggol siya nito. Hanggang high school at kolehiyo, protective siya rito.

Ang isang pagkakataong hindi niya naprotektahan ang kaibigan ang naging dahilan ng pagkamatay nito.

Siya ang nagturo ritong mag-ayos at mag-party. At siya rin ang nagpakilala rito sa mayayaman niyang kklase noong kolehiyo. Naging party girl si Marielle

at nahilig sa pag-inom. Daig pa siya nito sa inuman at sa pagyoyosi. Hanggang sa nalaman na lang niyang gumagamit na pala ito ng ipinagbabawal na gamot.

Umamin ang kaibigan sa kanya na addict na ito kung kaya siya na mismo ang naghikayat dito na pumasok sa rehabilitation center. Tinulungan niya ito na mag-recover. Subalit matapos nitong manatili sa rehab, bumalik ito sa paggamit ng droga.

Pilit niyang inalis sa isip ang hitsura ni Marielle nang matagpuan niya itong nakahiga sa kama sa bahay ng isang kaibigan nila. Tumawag siya ng ambulansya pero alam niyang kahit pa itakbo nila ito sa ospital, huli na rin. Wala na itong buhay. Ayon sa autopsy, cardiac arrest ang ikinamatay nito dahil sa halu-halong droga na nakita sa sistema ng namatay na dalaga.

At sa bag nito, nakakita sila ng isang botelya ng mga tabletas na iba-iba ang kulay na may iba-ibang disenyo, *Ecstasy* at iba pang maliliit na tabletang hindi kilala ng mga doktor, o kahit ng mga pulis na nag-imbetiga sa pagkamatay nito. Nasa laboratoryo ng *PNP* ang mga tabletas na iyon at pinag-aaralan pa rin nila.

Hindi man siya ang nagsubo rito ng droga, pakiramdam ni Sophia ay kasalanan pa rin niya ang

pagkamatay ni Marielle. Gusto niyang mabigyan ito ng justice kung kaya ngayon, isa siya sa mga sibilyang kinuhang asset ng *National Bureau of Investigation*. Nagtatrabaho siya roon ngayon bilang undercover agent para mabuwag ang sindikatong nagmammanufacture at nagdi-distribute ng droga.

“Hi, Yaya,” bati niya sa matandang kasambahay nila na si Yaya Loreta nang salubungin siya nito. Iniabot niya rito ang kahon ng donuts. “Si Daddy po?”

“Sophia?” tawag ni Larry. Nasa living room pala ito at naghihintay sa kanya.

“Hi, Dad!” Pilit niyang pinasaya ang pagbati sa ama. Alam niyang nag-aalala na ito nang sobra sa kanya at hindi lang dahil sa masyadong dinamdam niya ang pagkamatay ng kaibigan, pero dahil nag-aalala rin itong baka pati siya ay gumagamit ng droga. Hindi niya puwedeng ipaliwanag sa kanyang ama ang lahat dahil lalo itong mag-aalala. Lumapit siya rito at ginawaran ito ng halik sa pisngi. “May dala akong donuts para sa ‘yo.’”

“Thank you, hija.” Pinag-aralan nito ang plastic at paper bags na bitbit niya. “Mukhang nag-shopping ka, ah.”

Nagkibit-balikat siya. “Gusto ko lang mag-update

ng wardrobe ko, Dad.”

“Hija, I need to talk to you.”

Tumango si Sophia pero tinungo niya ang hagdanan. “Magpapalit lang ako, then we can talk over coffee and donuts, okay?”

Bumuntong-hininga ang kanyang ama. “Okay, sige. Doon lang ako sa pool area.”

“Okay, Dad!” masayang sabi niya bago umakyat. Nagtuloy siya sa kanyang silid at ibinaba sa kama ang mga pinamili. Sa totoo lang, wala siyang ganang mag-shopping. Parang napaka-insensitive na gumastos siya ng malaking halaga para sa sarili gayong wala na ang kaibigan niya.

Pero kailangan niyang ipakita sa kanyang ama na bumabalik na sa dati ang buhay niya. Kailangan din niyang panindigan na spoiled, materialistic brat siya kung kaya maya’t maya ay nasu-swipe ang kanyang credit card sa kung saan-saang exclusive stores. Nagpalit siya ng damit—t-shirt, shorts at *Havaianas* slippers—bago bumaba para saluhan ang daddy niya sa merienda.

“What do you want to talk about?” tanong niya habang namimili ng donut na kakainin. Nakahanda na sa tabi ng pinggan niya ang isang mataas na baso

ng iced coffee na paborito niyang inumin.

Hindi kaagad sumagot si Larry at nakalahati na ng dalaga ang *New York Cheesecake* niya bago pa ito muling magsalita.

“Hija, I’m sorry,” simula nito.

Nagtaas siya ng ulo. “For what, Dad?”

“For everything that happened.” Sinulyapan siya nito at inabot ang kanyang kamay. “Alam kong ayaw mong pag-usapan ito so you don’t need to talk. Makinig ka lang sa ‘kin. Sa palagay ko’y iniisip mong kasalanan mo ang pagkamatay ni Marielle. It’s not, hija. Pinili niyang gawin iyon,” mahinahong pahayag nito.

Pinisil niya ang kamay nito at ngumiti. “Dad, okay lang ako. Hindi ko ‘yun iniisip. I’m sorry she died, and I’ll miss her forever but...” She shrugged. “Life goes on.”

Tinapik pa niya ang kamay nito bago muling binalingan ang pagkain. Panalo. Pang-*FAMAS* na ang acting niya.

Kumunot ang noo nito at bumuntong-hininga. Tahimik silang kumain ng merienda; mayamaya ay tumikhim ito. “Oo nga pala,” sabi nito, “mamaya may

bisita tayo.”

“Sino, Dad?” tanong niya bago uminom ng iced coffee.

“Si Sam,” maikling sagot ng matanda.

Nagkamali ng lunok si Sophia. Tinapik-tapik siya ng ama sa kanyang likod habang patuloy siyang umuubo. Ibinaba niya ang baso at kumuha ng tissue mula sa holder na nakapatong sa gitna ng mesa.

“Dad!” reklamo niya. “Ano ba naman ‘yan?”

“O, bakit?” painosenteng tanong nito. “Ano’ng masama kay Sam?”

She rolled her eyes. “I can’t even begin to tell you what’s wrong with Sam,” aniya. “Anong masamang hangin ang umihip at dadalaw ‘yon dito?”

“Dadalaw lang ‘yung bata, Sophia,” kiming sagot nito.

Muli, umikot ang mga mata niya.

“Sam is a very good man. And I want to see you settled and married to a nice man like him before I go.”

“Dad!” tili niya. Kinilabutan siya sa sinabi ni Larry. “Si Sam? Dad, utang-na-loob, huwag mong

banggitin ang pangalan ng kumag na ‘yon in the same sentence as marriage! Nakakasuka kaya. Saka mas malakas ka pa sa kalabaw,” sarkastikong sabi ng dalaga. “You still have years ahead of you. At sinabi mong you want me married to a nice man. Samuel Legaspi is *not* a nice man.”

“Gusto ko si Sam. Mabait siyang bata at anak siya ng pinakamatalik kong kaibigan.”

“I can find a guy on my own,” she pointed out. “Hindi ko kailangan ng matchmaking efforts mo, Dad.”

Nagdilim ang mukha ni Mr. Castillo. “Anong lalaki naman ‘yang nahanap mo? Tulad n’ung huling dinala mo dito? ‘Yung Gabriel ba ‘yun? ‘Yung mukhang bouncer?”

Pinilit niyang hindi tumawa sa sinabi nito. May pagka-bad boy kasi ang image ni Gabriel, iyong tipo ng lalaking magdadalawang-isip ang isang ama kung ito ang inuwi ng anak sa bahay. Pero front lang din ni Gabriel iyon. Isa rin itong undercover agent ng *NBI* na nagpanggap na kaibigan ni Sophia para mapalapit sila sa mga pinaghihinalang drug pushers. Hindi sila nag-de-date. Strictly professional ang relasyon nila ng binata. Minsan, hinatid lang siya nitong sakay ng motorsiklo matapos ma-flat ang gulong ng kotse niya

habang nasa party sila.

“Hindi naman si Gabe, Dad,” sabi niya. “Pero someone else. Someone *not* Sam. Kung gusto mo talaga akong ireto sa isa sa mga Legaspi brothers, kay Jordan na lang.” Pumalatak siya. “Saka why are we even talking about this?”

Nagkibit-balikat ang matanda. “Ewan ko,” anito. “Sinabi ko lang na dadalaw si Sam. Bakit ba defensive ka?”

Sumimangot ang babae. Kita niya ang pagkibot ng mga labi nito na para bang nagpipigil ng tawa. Naku! Kung hindi lang niya ito mahal...

2

Kung bastos lang talaga siya, hindi bababa para sa hapunan si Sophia. Nakatayo siya sa terrace ng kanyang silid at nagpapahangin nang makitang dumating ang sasakyan ni Sam. Kumunot ang noo niya at uminit ang dugo kahit hindi pa nakikita ang binata.

Nagbukas ang pinto ng itim na *Ford F-150* at lumabas ang doktor na para bang hindi ito nangarag galing sa ospital. Nakasuot ito ng t-shirt na may kuwelyo at jeans, at may inabot mula sa passenger seat ng sasakyan.

Bata pa lang sila, mainit na ang dugo niya sa lalaking ito. Ang kuwento ng daddy niya, pinukol daw niya ng baby bottle si Sam noong mga bata pa sila. At nang magkaisip, lagi naman siyang tinutukso ng unggoy. Buti pa si Dan na mabait. Lagi siya nitong sinasali sa mga games ng magkakapatid noong maliliit pa sila, at kung hindi niya feel na makipaglaro ng habulan o baril-barilan, nakikipaglaro si Dan sa kanya ng bahay-bahayan. Hindi ba si Jordan din ang kanyang first kiss noong six years old siya at eight years old naman ito?

Kaya hindi niya puwedeng sabihing pangit si Sam dahil identical twin nito si Jordan at mahal niya ang kaibigan. Mas guwapo lang talaga ito nang di-hamak kaysa sa hinayupak nitong kakambal.

Tumaas ang kilay ni Sophia nang makita kung ano ang kinuha ng childhood enemy mula sa loob ng sasakyan: isang palumpon ng bulaklak.

Aba, may flowers pa itong nalalaman ngayon!

Isinara nito ang pinto ng kotse bago lumapit sa gate nila. Nag-doorbell ito at idinaan ang mga daliri sa buhok. At tila ba naramdaman nito ang mga mata niya, tumingala ito sa terrace at nakita siya.

Tumaas ang isang gilid ng mga labi ni Sam na para bang nanunukso dahil nahuli siya nitong pinapanood ito. Inirapan niya ito at tinalikuran. Pumasok siya ng silid at ibinagsak ang pinto ng terrace.

Sana nga hindi siya pinalaking mabait ng kanyang ama para puwede talaga niyang bastusin ang lalaki.

Nahiga siya sa kama at nakinig ng music mula sa *iPod*. Hihintayin na lang niyang tawagin siya ng kasambahay nila bago siya bumaba. Mas mabuti na iyong sandali lang silang magkasama ng buwisit sa buhay niya.

Masayang sinalubong ni Larry ang inaanak at lumawak ang ngiti nito nang makita ang hawak niyang bulaklak.

Umikot ang eyeballs ni Sam. “Minsan lang ito, ‘Nong,’” sabi niya. “Babalik rin ako sa katinuan.”

Tumawa ito at iginiya siya para maupo sa sofa. “You have no idea how much this means to me, hijo.”

Nakasimangot siya nang sumagot. “Katumbas ‘to ng ilang Paskong utang mo, ha.”

Muling tumawa ang matanda. Parang galak na galak ito sa nalalapit na niyang pagdurusa. Nagkuwentuhan sila saglit bago sila sinabihan ni Yaya Loreta na handa na ang hapunan at ipinatawag na nito si Sophia.

Tamang-tama namang nakita niyang bumaba ng hagdanan ang dalaga. Nakataas pa rin ang isang kilay nito at nakatingin sa bulaklak na hawak niya. Sa unang pagkakataon, napahiya siya sa tinangkang romantic gesture.

Tumayo siya nang makalapit ito at mapangutya ang ekspresyon nito sa mukha habang nakatingin sa dala niyang bulaklak. At hindi naman siya

magpapatalo. Ngumiti rin siya. “Hello, Sophia,” aniya pero bago pa makasagot ang dalaga, humarap siya kay Yaya Loreta. “Yaya, flowers for you.”

Narinig niyang naubo si Ninong Larry.

“Sir?” Halatang nagitla ang matandang babae, pero ipinilit niya ang mga bulaklak sa kamay ng kasambahay ng ninong niya.

“Naalala ko kasi n’ung bata ako, lagi kaming may pasalubong sa ‘yo. Matagal na akong hindi nakakadaan dito kaya binilhan na kita ng flowers.” Kinuha pa niya ang kamay ng matandang babae at iniabot dito ang mga rosas.

Nag-blush ito at tumawa. “Ikaw talaga, sir,” sabi nito. “Salamat po.”

Ngumiti siya rito bago umismid kay Sophia na nanlalaki ang butas ng ilong sa inis. Pumihit ito patalikod at iniwan sila sa sala. Malawak naman ang ngiti ni Sam na sumunod sa iiling-iling na ninong.

“Kamusta na sina Gareth?” tanong ni Larry. Gusto ring malaman ni Sophia ang kalagayan ng bagong pamilya, pero hindi niya matanong si Sam dahil ayaw niyang kausapin ang balasubas.

Ngayon nga, nakaupo sila sa magkatapat na silya sa dining table. Magana itong kumakain habang halos hindi niya malunok ang kinakain niya.

“Naku, dapat dumalaw kayo sa bahay nila,” sagot ng binata. “Kamukhang-kamukha ni Ellie si Emer. Hindi mo makausap si Gareth ngayon; masyadong in love sa baby niya. Pero pinaplano na nila ang kasal.”

“Ah,” sabi ng kanyang daddy. Nagsalubong ang mga kilay niya dahil parang may narinig siyang ibang ibig sabihin mula sa isang salitang iyon. Sinulyapan niya ito pero kay Sam nakatingin ang matanda.

“Ikaw ba wala pang balak mag-asawa?”

Lumipad ang mga mata niya nang magsimulang masamid ang buwisita.

“Ninong,” anito habang kinakabog ang dibdib, “ano bang klaseng tanong ‘yan?”

“Aba, hijo! You’re not getting any younger.”

“Wala pa akong thirty, Ninong,” paalala ng binata na tila ba nawalan na ng ganang kumain.

“Bakit? Kami ng daddy mo ay mga batang nag-asawa.”

Umasim ang mukha ni Sam. “Iba ‘yun. Iba si

Mommy at si Tita Gracia.”

Bumuntong-hininga si Larry na tila ba naaalala ang nasira nitong asawa. “Hay naku, hijo! Sinasabi ko sa ‘yo, kapag nakita mo ‘yung babaeng para sa ‘yo...”

Nakita ni Sophia na sinulyapan siya ni Sam. Nag-iwas siya ng tingin bago nag-concentrate sa sariling pagkain. Hindi na siya nakikinig sa kanyang daddy kapag nagsasalita ito tungkol sa true love dahil sanay na siya sa romantic heart nito.

Gusto niyang buhusan ito ng tubig. Ano ba talaga ang nakain nito at mukhang ipinagtutulakan siya nito sa kinakapatid? Hindi na nakakatawa ang mga pasaring nito.

Siya naman ang nasamid nang marinig ang ama na sinasabing kung walang gagawin si Sam sa gabi na iyon, samahan nito si Sophia dahil hindi maganda para sa dalawang singles ang manatili sa bahay ng Biyernes ng gabi.

“What?” Hindi na niya napigil ang mapabulalas. “Dad, please. May plano ako, okay? I’m meeting my friends.”

“Hija, after what happened to Marielle—”

“Don’t tell me about Marielle!” Bago pa niya

matapos ang mga salita, alam niyang malaking pagkakamali ang sabihin iyon sa kanyang ama. Nagdilim ang mukha nito.

“Don’t talk to me that way,” matigas ang tinig na saway nito. “Kung gusto mong umalis ngayon, isasama mo si Samuel. Kung ayaw mong sumama siya, hindi ka aalis ngayon.” Halatang napikon ang matanda. Tumayo ito at tiningnan si Sam. “Excuse me, hijo. Salamat sa pagdalaw mo. I need to retire for the night.”

Tumango lang ang binata at kahit hindi pa nauubos ni Ninong Larry ang pagkain nito, tumalikod na ito at lumabas ng dining room.

Nanlumo si Sophia; sumandal siya sa upuan at pumikit.

“What a nice thing to say, babe.”

“Shut up!” she snapped. Dumilat siya para irapan ang lalaki. Inaasahan niyang nakaismid na naman ito na magiging dahilan kung bakit gusto niya itong suntukin sa panga, pero madilim din ang mukha nito na para bang nainsulto rin para sa kanyang ama.

Well, he may be an ass, but he loved her father.

“Look,” asik niya, “ayokong pinangungunahan

ako. I'm twenty-seven, not seventeen. Hindi ko na kailangang magpaalam kung gusto kong umalis."

"It doesn't matter," sagot ng lalaki. "You may be twenty-seven or eighty-seven, he's still your father."

Nagpanting ang tainga niya. She leaned forward. "Wala kang pakialam kung ano ang relasyon namin ng daddy ko, ha!" inis niyang sabi. "At wala kang karapatang pagsabihan ako. Now, if you'll excuse me, tapos na ang dinner. Puwede ka nang umalis." Tumayo siya at tinalikuran ang binata, pero bago makalabas ng dining room, muli niya itong binalingan. "And I am *not* your babe," matigas niyang oahabol

Hindi na lang siya aalis. Sirang-sira na ang gabi niya.